7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kuwarter 4: Aralin 2 (para sa Ikalawang Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Irene N. San Miguel (Philippine Normal University – Manila)

**Tagasuri**
- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra - **Ibong Adarna** para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa **Ibong Adarna** na maiuugnay sa pagiging Pilipino sa isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa<br>Obra: Ibong Adarna<br>Saknong 7-215<br><br>Natutukoy ang mahahalagang elemento<br>(tauhan, tagpuan, banghay at tunggalian) at detalye sa Ibong Adarna)<br><br>Nasusuri ang akda bilang tulang pasalaysay na korido (may tauhan, tagpuan, nagsasalaysay, banghay ng pangyayari, talinghaga, mensahe at kaisipan; at<br><br>Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (*foreshadowing*) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (*in medias res*), mensahe, pahiwatig at kaisipan sa Ibong Adarna. |
| **D. Nilalaman** | Ikalawang Linggo |

| | |
|---|---|
| | KORIDO: TULANG PASALAYSAY:<br>KAUGNAY NA PAKSA: Pangangayaw ng Sinaunang Austronesian<br><br>TEKSTONG BISWAL:<br>mga teknikal na biswal (laki, espasyo, kulay, linya, anyo at imahen) |
| **E. Integrasyon** | Paksa: Isyung Panlipunan |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Amoy, N., Jobog, J., Magalong, N., Jocson, M., & Cabuhat, A. M. (n.d.). *Kayumanggi sa Ibong Adarna: Unang Bahagi* (1st ed.). LEO-ROSS Publications.

Ayala, Joey (1991) Saan Ka Patungo, Panganay ko" https://www.youtube.com/watch?v=yrJbJq4TpTE

Baisa- Baisa-Julian, A., Lontoe, N., Esguerra, C., & Dayag, A. (2013). *Pinagyamang Pluma 7*. Phoenix Publishing House, Inc.

Candelario, Marietta, et al., (2009). Ibong Adarna Obra Maestra Batayang Akdang Pampanitikan Ikatlong Edisyon, 15-70, Rex Bookstore.

Capuno, Kimberly M. (2021). Layag sa Koridong Ibong Adarna Filipino 7 Ikaapat na Markahan -Modyul 1

Capuno, Kimberly M. (2021). Layag sa Koridong Ibong Adarna Filipino 7 Ikaapat na Markahan -Modyul 2

Concepcion, Ofelia E.(2009) Ibong Adarna, 6-24, Prime Multy Quality Printing Corp.

Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

Jacinto, Emilio (1897) Ang Kasalanan ni Cain https://www.academia.edu/16540245/Emilio_Jacinto_Ang_Kasalanan_ni_Cain

Lopez-Royo, J., Lucas Lacano, Limosnero-Ipong, M., & Lalunio, Dr. L. (2011). *Bagong Likha I.* JO-ES Publishing House, Inc

Villan, Vicente et al (2021) Pangangayaw: ang pangingibang-bayan at paghahanap ng ginhawa sa kasaysayan at kalinangang Pilipino ADHIKA ng Pilipinas, Incorporated.

*Supplemental Lessons: Filipino Baitang 7 Ikaapat na Markahan.* (2014). Rex Interactive.

*Pagbuo ng mga elementong biswal.* (2018, January 28). [Slide show]. SlideShare. https://www.slideshare.net/HaroldDeGuzman1/pagbuo-ng-mga-elementong-biswal

hhttps://pinimg.com/236x/3a/28/ab/3a28aba4e96b5c1500bef421b771d819.jpg

Noypi.com.ph. (2023, July 28). *Ibong Adarna Buod ng Bawat Kabanata 1-46 with Talasalitaan.* https://noypi.com.ph/ibong-adarna-buod/#Kabanata-13

Mula sa: EXCLUSIVE: Ang animasyon ng Panimula ng Ibong Adarna YoutubeIbongadarnaing.com/videos/riverview/relatedvideo?&q=Ang+Berbanya&&mid=A0166D92E6A74EA20C1FA0166D92E6A74EA20C1F&&FORM=V

*Ibong Adarna | Aralin 1 - Pag-aalay #ibongadarna.* (n.d.). Www.youtube.com. Retrieved March 26, 2024, from https://www.youtube.com/watch?v=OIFIhxVzmvw

Mga Ginamit na Larawan: (2024). Kinuha sa: https://www.google.com/search?q=images
Don Pedro https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=EC1v%2BZFk&id=C9962225CFD41E8631E49BC2DF77F1D
Larawan ng iba pang tauhan; https://www.goconqr.com/p/4413072-Mga-Tauhan-ng-Ibong-Adarna-flash_card_decks

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

**ANG NAKARAAN:** Pagkilala sa mga natatanging kaalaman sa pagkalikha ng Ibong Adarna.

**1. Maikling Balik-aral**

Ipasabi sa mag-aaral ang mga hinihingi ng pahayag. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng palabunutan ng pangalan o sa *wheelofnames.com.*

a. Ito ay isa sa mga katangian ng Korido.
b. Ito ang itinataguyod na pananampalataya sa Ibong Adarna
c. Siya ang hinihingan ng gabay ng sumulat sa pag-aalay ng akda.
d. Sa bansang ito nagkaroon ng Kalakalang Galeyon ang Pilipinas at isa pinagmulan ng Korido.
e. Ito ang tawag sa sinaunang tulang Tagalog na may tigwawalong pantig din.




| | |
|---|---|
| Mexico | Kristiyanismo |
| Birheng Maria Dalit | Tulang pasalaysay |

Mga patnubay na tanong sa pagbabalik-tanaw

a. Ano ang dahilan na napatanyag ang Ibong Adarna noong Panahon ng pananakop ng Espanyol?

**MGA TALA SA GURO:**

Ipaalala sa mag-aaral ang tinalakay sa Ikaapat na Kuwarter, Unang Aralin. Ito ay ang tungkol sa Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna. Bilang balik-aral, magtakda ng detalye at ipatukoy ito. Maaaring gamitin ang *wheelofnames.com* para tumawag ng mag-aaral kung may internet na magagamit, kung wala naman ay magpalabunutan sa pagtawag ng sasagot. Sa pagsagot, gawing gabay ang mga pangalan na nasa kahon. Ang makakasagot ay may karagdagang puntos.


**Susing Sagot:**

1. Tulang Pasalaysay
2. Kristiyanismo
3. Birheng Maria
4. Mexico
5. Dalit

| | | |
|---|---|---|
| | b. Bakit malaya itong ipinababasa ng pamahalaan at kaparian?<br>c. Ano anong elemento ng korido bilang tulang pasalaysay?<br>d. Paano natiyak na ang sumulat nito ay nagsalin lamang mula sa orihinal na wika patungo sa wikang Filipino?<br><br>**2. PAGPUPUNO NG SALITA SA TALUDTURAN**<br>**ANG PANALANGIN**<br>Ipabasa sa mag-aaral ang talataan. Papunuan ang nawawalang salita upang mabuo ang diwa nito. Kunin sa nakahandang flash card ang salita sa loob ng kahon.<br><br>**Ang Pag-aalay 1-6**<br><br>1<br>O Birheng kaibig-ibig<br>Ina naming nasa langit,<br>Liwanagin yarng isip<br>Nang sa layo'y___________.<br><br>2<br>Akoy isang ___________lamang<br>taong lupa ang katawan,<br>mahina ang ___________<br>at maulap ang pananaw.<br><br>3<br>Malimit makagawa<br>na hakbang na___________,<br>ang tumpak kong ninanasa<br>kung mayari ay__________.<br><br>4<br>Labis yaring __________<br>na lumayag na mag-isa,<br>baka kung mapalaot na<br>ang mamangka'y___________.<br>5 | Balikan ang ilan pang trivia kaugnay sa pagiging tanyag ng koridong Ibong Adarna sa panahon ng Espanyol. Bigyan ng pagkakataon na ang mag-aaral ay magbahagi ng kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa sa kanilang repleksyon sa dyornal. Gawing gabay ang mga talasalitaan sa kahon.<br><br>Ang guro ay maaaring magpakita ng ilan pang datos sa pagpapakilala sa akda.<br><br>Mula sa nilalaman sa Panimula ng akdang Ang Pag-aalay.<br><br>Ipabigkas ang saknungan. Papunuan ang nawawalang salita sa patlang. Kunin sa loob ng kahon ang sagot. Muling ipabasa ng matulain ang saknungan.<br><br>**SUSING SAGOT**<br>• Pahidwa<br>• Pasaliwa<br>• Aawitin<br>• Katawan<br>• Hamak<br>• dinggin |

| | | |
|---|---|---|
| | Kaya Inang Kadakilaan<br>ako'y iyong ____________,<br>nang mawasto sa salaysay<br>nitong kakathaing buhay.<br><br>6<br>At sa tanang na naririto<br>nalilimping maginoo,<br>kahilinga'y____________ ninyo<br>buhay na____________ ko.<br><br>pahidwa, pasaliwa, aawitin, katawan, hamak, dinggin<br>pangangamba, di-makaya, patnubayan, di-malihis<br><br>**Paglinang sa Pag-unawa sa tula.**<br>a. Paano sinimulan ang akda?<br>b. Ano ang panalangin ng sumulat? Bakit?<br>c. Sa iyong pagdarasal, ano ang iyong panalangin?<br>d. Dapat bang magdasal para sa mga gagawin?<br><br>**ANG TALINGHAGA NG PAHAYAG...**<br>**A. Paglinang ng Talasalitaan**<br>Tukuyin sa loob ng pangungusap ang kahulugan ng may salungguhit.<br>1. Bawat utos ay kanyang napag-isipan at tunay napaglining nang maingat.<br>2. Ang kanyang maybahay ay uliran sa kabaitan, modelo ng kagandahan.<br>3. Ang mga prinsipe ay magigilas, pawang makikisig ang pangangatawan.<br>4. Minagaling ng ama na sanayin ang mga anak sa paghawak ng sandata dahil minabuti nilang kaharian ay paglingkuran.<br>5. Walang gulong dumadalaw sa kaharian, mapayapa ang pamumuhay. | • pangangamba<br>• di-makaya<br>• patnubayan<br>• di-malihis<br><br>Sikaping naipabasa sa mag-aaral ang mga Saknong 1-215 upang makilala pa ang katangian ng tauhan sa unang yugto ng bahagi ng tulang pasalaysay.<br><br>**SUSING SAGOT**<br>1. napag-isipan<br>2. modelo<br>3. makikisig<br>4. minabuti<br>5. mapayapa<br><br>Sa pagtalakay ng nilalaman ng saknong tiyaking nabasa ng mag-aaral ang unang yugto ng akdang Ibong Adarna at nakapagtala ng mga piling salita at binigyan ng kahulugan<br><br>Ang guro ay magsagawa ng pagpapanood ng simulang bahagi ng pagpapakilala sa mga pangunahing tauhan, at iba pang tauhan sa susunod na yugto ng bahagi gamitin ang link na ito<br><br>ing.com/videos/riverview/relatedvideo |

| | | |
|---|---|---|
| | **ANG MAG-ANAK NI HARING FERNANDO**<br>Kilalanin ang tinutukoy sa saknungan mula sa Hanay A at sa mga tauhan sa Hanay B. Ipuno sa patlang ang tinutukoy.<br>*(Tingnan sa Pahina 2 ng Sagutang Papel)*<br><br>**ANG AKING PAMILYA**<br>Bumuo ng Family Portrait o Family Tree ng inyong pamilya.<br>Ipakilala ang bawat isa sa pamamagitan ng pagbuo ng tula na may tig isang saknong na wawaluhing pantig at may tugmaan.<br>*(Tingnan sa Pahina 3 ng Sagutang Papel)* | ?&q=Ang+Berbanya&&mid=A0166D92E6A74EA20C1FA0166D92E6A74EA20C1F&&FORM=V Ang<br><br>Magpabigay ng iba pang katangian ang mga tauhan<br><br>Ang guro ay magpapalikha ng talata sa pagpapakilala ng pamilya<br><br>May tatlong talataan<br><br>May paglalarawan<br><br>May paliwanag ng mga katangian at naging gampanin sa pamilya |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br><br>**B. Pagtalakay sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Panonood** Ipapanood sa mag-aaral ang isang bahagi ng animasyon ng simula ng akda, pagkatapos sagutin ang mga gabay na tanong:<br><br>1. Ilarawan ang pamilya ni Haring Fernando?<br>2. Sino sino ang bumubuo ng hari ng Berbanya? Ilarawan ang kanilang katangian bilang kapamilya:<br>-Haring Fernado<br>-asawa<br>-panganay<br>-pangalawa<br>-bunso<br>3. Paano namumuno ang Hari ng Berbanya?<br>4. Anong klaseng ama ang haring ito?<br>5. Anong mahahalagang ideya ang nais nitong iparating sa mga anak?<br>6. Sumasang-ayon ka ba na tama ang kanyang pagpapalaki? Bakit?<br><br>**2. PAGLALARAWAN SA TAGPUAN SA AKDA**<br>**a.** Kilalanin ang mga bahagi ng lugar kaugnay sa kuwentong binasa/napanood**.** Isulat ang mga kaugnay na katangian ng larawan sa binasa.<br><br>**BERBANYA**  **Puno ng Piedras Platas**  **BUNDOK TABOR**  | \`<br><br>Mula sa: EXCLUSIVE: Ang animasyon ng Panimula ng Ibong Adarna<br><br>https://www.bing.com/videos/search?q=Tekstong+Ibong+Adarna%3a+Ang+Pag-aalay&msbd=%7b%22triggeringMode%22%3a%22Explicit%22%2c%22intent%22%3a%22Us<br><br>Ipatukoy ng guro aling bahagi ng napuntahan ang may kahalintulad sa katangian ng mga lugar. Sikapin na may kaugnayan ang paghahabingan ng gagawin mag-aaral. Tiyaking may tatlong pangungusap o higit pa<br><br>Hal: Bundok Tabor<br><br>Pagpunta sa paaralan ng naglalakad ng 20 minuto na tatahakin ang trapiko..... |

| | | |
|---|---|---|
| | **b. Kritikal na Pag-unawa**<br><br>Kung iuugnay sa kasalukuyan, aling mga lugar ang maiuugnay sa sumusunod. Ipaliwanag kung bakit sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa tatlo (3).<br><br>1. Bundok Tabor<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>2. Berbanya<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>3. Piedras Platas<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br><br>**3. PAGSUNOD-SUNURIN ANG MGA PANGYAYARI.**<br><br>**ANG PAGLALAKBAY NG MGA PRINSIPE**<br><br>*(Tingnan sa mga tanong sa ika-IV ng pahina 4 ng Sagutang Papel)*<br><br>**LAKBAYIN NATIN**<br>Pag-unawa sa nilalaman ng akda<br><br>1. Bakit nagkasakit ang hari?<br>2. Ano ang dahilan ng pag-alis ng magkakapatid?<br>3. Paano naging bato si Don Pedro at Don Diego?<br>4. Bakit kailangan ni Don Juan na umalis din kahit ayaw payagan?<br>5. Naging mahirap rin ba kay Don Juan ang paghahanap, saan siya naiba sa kanyang mga kuya, at natiis ang dinanas?<br>6. Paano nakatulong ang leprosong matanda at ermitanyo sa kanya?<br>7. Iisang nilalang lang ba ang tumulong sa kanya, tukuyin ang pahiwatig? | Ipagpapatuloy ang panonood, ang paghahanap sa Ibon Adarna gamitin muli ang link na ing.com/videos/riverview/relatedvideo?&q=Ang+Berbanya&&mid=A0166D92E6A74EA20C1FA0166D92E6A74EA20C1F&&FORM=V Ang<br><br>**SUSING SAGOT**<br>1) 3<br>2) 4<br>3) 5<br>4) 9<br>5) 6<br>6) 7<br>7) 8<br>8) 10<br>9) 1<br>10) 2 |

8. Sagot ba sa panalangin ni Don Juan ang mga tumulong sa kanya? Patunayan.
9. Naniniwala ka ba na ang kaniyang kabaitan ang naging dahilan bakit siya tinulungan? kabaitan sa magulang, sa kapwa nangangailangan?
10. Ang pagkakuha ba ni Don Juan ng Ibong Adarna ay patunay na siya ay pinagpala dahil sa mabuti o sinuwerte lamang siya? Patunayan.

- **Alam Mo Ba?**

Ang tunggalian ay mahalaga sa pag-inog ng kuwento. Ang mga **Tunggalian sa kuwento** ay problemang kinakaharap ng pangunahing tauhan. Ito ay may apat na uri.

1. **Tao laban sa Sarili –** tunggalian na panloob dahil nangyayari ito sa loob ng tauhan. Kalaban ng pangunahing tauhan ang sarili. Nakikita ito kapag nahihirapan siya sa pagdedesisyon sa tama ba o mali.
2. **Tao laban sa Tao –** ito ay panlabas na tunggalian, kalaban ng pangunahing tauhan ang isa pang tauhan, ang bida sa kontrabida na eksena
3. **Tao laban sa lipunan** – ang pangunahing tauhan ay nakikipagbanggaan sa lipunan, hal pagsuway sa alituntunin ng lipunan o pagtakwil sa kultura nito
4. **Tao laban sa Kalikasan -** sa tunggaliang ito ang pangunahing tauhan at naaapektuhan ng mga puwersa ng kalikasan

**Pagsusuri**

Suriin ang taglay na tunggalian ng saknong at ipaliwanag ang uri nito.

*(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)*

**Ang Pangangayaw ng Sinaunang Austronesian Kaugnay ng Paglalakbay ni Don Juan**

Ayon kay Dr. Vicente Villan (2009), ang pangangayaw ng ating mga ninuno ay nakabatay sa kaloobang bayan- ang pangangalaga sa buhay, pagkakaroon ng ginhawa at pagtatamo ng karangalan. Ang katangian ng Pangangayaw ay ang paglalakbay ng mga ninuno nating Austronesian upang makipagsapalaran at mabigyan mapaunlad ang nasasakupan. Mahalaga ang buhay ni Haring Fernando kaya kahit mapanganib ay naglakbay ang kanyang mga anak upang iligtas hanapan

| | | |
|---|---|---|
| | ng lunas ang kanyang karamdaman. Subalit ang ginawa nina Don Pedro at Don Diego na pagtataksil ay hindi naaayon sa kaloobang bayan sapagkat walang dangal sa paggawa ng mali.<br><br>Sa mga Tausug, pumatong ang konsepto ng pangangayaw sa konsepto ng "jihad" kung kaya natanyag sa pananaw na "maging martir sa ngalan ng lupa, lahi at relihiyon" (Kamarrudin, 2017). Tulad din ng maraming Pilipino, mahalaga sa mga kababayan nating Muslim ang kanilang relihiyon na pinag-uugatan ng kanilang dangal at ang kanilang lupain na pinagmumulan ng kanilang buhay at ginhawa. Ang akdang "Ibong Adarna" ay nagsilbing propaganda ng mga Kastila upang ituro sa ating mga ninuno na superyror ang Krsitiyanismo bilang pananampalataya. Subalit sa kasalukuyan, ang pagrespeto sa relihiyon ng iba ay mahalaga at walang relihiyon ang makahihihigit sa isa.<br><br>Hanapin at pakinggan sa YouTube ang awit na "Saan Ka Patungo, Panganay Ko" ni Joey Ayala at ipaliwanag ang mensahe ng awit.<br><br>Maaaring gamitin ang link na:<br>**https://www.youtube.com/watch?v=yrJbJq4TpTE**<br><br>***Pangkatang Gawain:***<br>*(Makikita sa pahina 5-6 ng Sagutang Papel ang Pangkatang Gawain at ang rubrik nito)*<br><br>**PAGYUYUGTO NG MGA PANGYAYARI O FORESHADOWING**<br><br>Ang foreshadowing o pagyuyugto-yugto ng mga pangyayari sa isang kuwento ay ginagawa sa isang panitik na ginamitan ng may-akda ng mga pahiwatig o *clue* ng magaganap o mangyayari sa kuwento.<br><br>-ginagamit ito upang magbigay ng paghihinuha *(inferencing*) at paghuhula *(predicting)*<br>- makabuo ng inaasahan ng mambabasa<br>-makalikha ng kasabikan o *suspense*<br>-ayon ito sa damdamin o *mood* ng may-akda<br>______________________________________________ | Ang guro ay magpapakilala ng graphic Organizer. Maaaring imungkahi na ilapat ang mga sagot sa pagpapakilala ng tauhan.<br><br>• Charcter Profile<br>• Venn Diagram<br>• Word Network<br>• Bubble Map<br>• Story Frame<br>• Concept Map |

Basahin ang mga saknungan sa pagbabanghay ng mga pangyayari sa binasang akda. Isulat nang pasalaysay ang ipinahiwatig sa saknong.

| | |
|---|---|
| 134 Apat na buwan nang ganap<br>ang haba ng nalalakad,<br>ang nakain nama'y apat<br>sa tinapay na tumigas. | 178 Marangal na Ermitanyo,<br>ituring na anak ako<br>Na ngayon po'y naririto<br>Nagsasabi ng totoo." |
| > | > |
| 136 Nang sa birhe'y makatawag<br>ay sandaling namanatag<br>kumai't nagpasalamat<br>sa Diyos, haring mataas. | 186 Don Jua'y masusubok ko<br>katibayan ng loob mo,<br>kung talaga ngang totoo<br>ako'y tutulong sa iyo." |
| > | > |
| 142 "Pagkakita kay Don Juan<br>ang matanda'y nanambitan<br>ang malaking kaawaan<br>ay madaling nilapitan. | 193 Bawat kantang pakikinggan<br>ang palad mo ay sugatan, saka agad mong pigaan<br>ng dayap ang hiwang laman. |
| > | > |
| 149 Huwag maging di paggalang<br>ano po ang inyong pakay,<br>ako po ay pagtapata't<br>baka kayo matulungan." | 201 Napuna pa nang dumapo<br>Ang adarna'y tila hapo,<br>Kaya't kanyang napaghulong,<br>Ito'y galing sa malayo. |
| > | > |

Sa bawat pangkat na nag-ulat ay magbibigay ng dagdag-kaalaman sa pamamagitan ng pagtatanong sa miyembro nito, gayundin sa buong klase upang matiyak ang layunin ng bawat pangkat ay nakarating. May pagpupuri at pagtatama sa presentasyon.

Ang guro ay titiyakin rin na mamarkahan ng kaklase ang presentasyon at magbigay ng feedback sa inilapat na marka. Sa oras ding iyon ay maibigay ng guro ang marka ng pangkatan

| | |
|---|---|
| 154 kaya ngayon ang bilin ko<br>ay itanim sa puso mo;<br>mag-ingat kang totoo<br>at nang di ka maging bato. | 208 Pitong kanta nang malutas<br>nitong ibong sakdal dilag,<br>pito rin ang nagging sugat<br>ni Don Juang nagpupuyat. |
| > | > |
| 157 Sa ibaba'y tumanaw ka't<br>may bahay na makikita,<br>ang naroong tao'y siyang<br>magtuturo sa Adarna. | 213 Agad niyang sinunggaban<br>Sa paa'y biglang tinanganan<br>At ginapos nang matibay<br>Ng sintas na gintong lantay. |
| > | > |

**PAGLALAPAT NG KAHIHINATNAN**
Lapatan ng wakas ang pangyayari sa kuwento.

Ano ang kahihinatnan ng pagkahuli ni Don Juan sa Ibong Adarna. Gamitin ang mga pahiwatig sa akda. Gawing patnubay sa pagsasalaysay ang paksa na nasa kahon

| |
|---|
| PAKSA: Ang Pagbabalik ng mga Prinsipe sa Berbanya at ang Ibong Adarna |

**PAG-UUGNAY SA BUHAY**

Panuto: Balikan ang panaginip ng Haring Fernando at ang kanyang pagkakasakit. Anong mensahe nito sa kasalukuyan kaugnay sa pananampalataya at katatagan sa buhay.

| | | |
|---|---|---|
| | Bahagi ng akda:<br><br>Kasalukuyan:<br><br>PANGPAPASYA:<br><br>**PAHIWATIG**<br>**Panuto:** Humanap ng kapareha. Pag-usapan muli ang mahahalagang pangyayari sa binasang akda. Itala sa kahon ang mga pahiwatig na pangyayari.<br><br>Alin alin ang mga pahiwatig na Si Don Juan ay may mabuting puso?<br><br>**KAISIPAN**<br>Basahin ang mga piling talinghaga at ipaliwanag ang nais ipahiwatig nito.<br><br>Alam niya itong tao kahit puno't maginoo, kapag hungkag itong ulo batong agnas sa palasyo.<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Ngunit itong ating buhay talinghagang di malaman, matulog ka ng mahusay magigising ka ng may lumbay.<br>______________________________<br>______________________________ | |

Sa Diyos dapat manawagan ang lahat ng nilalang, ang sa mundo ay pumanaw, tadhana ng kapalaran.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**TEKSTONG BISWAL**
Ang mga elementong biswal ay mahalagang nilalaman ng kuwento. Alamin muna natin ano nga ba ito?

Ang Tekstong Biswal ay ginagamit bilang presentasyon ng mga ideya upang maiparating ang mensahe patungo sa mas malawak na datos sa paraang mabilis at mabisa.

Kabilang sa mga elemento ng Tekstong Biswal ay ang kulay, hugis, anyo, at kapal o nipis, dami at *pattern* ng guhit sa larawan. Ang mga ito ay nagdadagdag ng kahulugan at mensahe sa tekstong biswal.

**Panuto**: Basahin ang kuwento. Suriin ang tekstong biswal sa pagsasalaysay. Gamitin ang bahagi ng ilustrasyon sa ibaba sa pagguhit.

**BUOD**

Sa isang kaharian ng Berbanya masayang namumuhay ang pamilya ng Haring Fernando. Mahusay siyang namumuno kaya't payapa ang lahat. Makatuwiran at may pagpapahalaga siya sa mga tao. Magandang tunay ang kanyang asawa at ang tatlong anak ay pawang makikisig. Sa kabaitan ni Don Juan ay naging pinakamamahal ito.

Nalungkot ang lahat sa pagkakasakit ng hari at ayon sa manggagamot ang awit ng Ibong Adarna ang lunas. Kailangan itong kunin sa Bundok Tabor sa tahanan nito sa puno ng Piedras Platas.

Unang naghanap si Don Pedro ang panganay ngunit naging bato matapos maiputan. Gayundin ang sinapit ni Don Diego at sa tatlong taon ay labis na ang pag-aalala ni Don Juan, Kahit ayaw payagan ay humingi siya ng basbas kundi pipilitin niyang umalis upang hanapin ang mga kapatid at ang lunas sa sakit ng

ama.

Sa paglalakbay nang matagal ni Don Juan, iisang tinapay na lamang ang natitira. Sa kanyang kapaguran patuloy siyang nagdarasal na siya'y patnubayan.

Hanggang isang leproso ang nagmakaawang humingi ng pagkain at ito'y binigyan niya. Tinulungan siya sa sadya nito sa kabundukan. Ang nakapagtuturo ay isang mahiwagang ermitanyo na ang ibinigay niyang pagkain ay nasa hapag nito.

Pinayuhan siyang kailangan niyang maging matatag. Sinunod naman niya ang mga bilin na kung makita ang Ibon, pitong beses hiwain ang palad, patakan ng dayap at iwasang maiputan. Kaya sa pagdapo nito, umawit ng makapitong beses na nagpalit ng kulay hanggang sa umipot at makatulog ng bukas ang mata ngunit di na gumalaw. Naitali ng gintong sintas ang paa ng ibon at dinala sa bahay ng ermitanyo at ikinulong sa hawla upang maiuwi. At nagpaalam na sa isa't isa sa bilin na mag-ingat ang bunsong Prinsipe. Nagawa ring buhayin ng tubig ang naging bato nitong mga kapatid.

Ibinuod ni Irene N. San Miguel

**Gawaing Paglikha**

**Panuto:** Iguhit ang teknikal na biswal sa kuwento sa paraang paglalarawan ng tagpuan ng pangyayari. Alalahanin ang paggamit ng linya, espasyo, laki, kulay, anyo, imahe.

**ANG IBONG ADARNA SA PUNO NG PIEDRAS PLATAS**

<table>
<tr>
<td>C.Paglinang at Pagpapalalim<br><br><br><br><br><br><br><br>D.Integrasyon EP at ESP</td>
<td>Pinatnubayang Pagsasanay<br>Pagbabalik-tanaw<br><br>Tukuyin ang sanhi at bunga ng mga nakasaad na pangyayari batay sa binasang teksto. Gawing batayan ang nasa talahanayan.<br><br>SANHI<br>Ginawa ni Don Pedro ______________________<br>Ginawa ni Don Diego ______________________<br>Ginawa ni Don Juan ______________________<br><br>IBINUNGA<br>______________________<br><br>PAG-UUGNAY SA NATUTUHAN<br>Paglalapat at Pag-uugnay sa Isyung Panlipunan<br><br>A. ANG KAHARIAN AT SA PAMAHALAAN<br>Pag-usapan muli ang mahahalagang pangyayari sa binasang akda. Hanapan ng pagkakaugnay–ng pamumuno sa kaharian at sa inyong tahanan. Sabihin ang pagpapahalaga sa dalawa kapag tinawag ng guro sa harap ng klase.<br>1. Berbanya at ang iyong tahanan<br>2. Haring Fernando at ang iyong ama<br><br>Gawing gabay ang mga tanong sa pagtalakay ng kaibahan at pagkakatulad<br>Ano ang halaga ng bawat isa sa lipunan?<br><br>B. Basahin ang akda ni Emilio Jacinto na “Ang Kasalanan ni Cain” sa https://www.academia.edu/16540245/Emilio_Jacinto_Ang_Kasalanan_ni_Cain</td>
<td>Ang guro ang magpapagawa ng Blog sa binasang akda sa bahagi ng pagsusuring tekstong biswal. Tiyakin ang nilalaman ay limitado sa patnubay na pagbuo:<br><br>5- taglay ang kaayusan sa haba ng 3 minuto<br>5- makabuluhan ang nilalahad sa kasiningan o kabuluhan<br>5-may pag-uugnay sa kahalagahan sa kasalukuyan<br>5- may mungkahi sa pagsusuri<br><br>Sumulat ng isang maikling talata tungkol sa isang suliraning panlipunan na nakaaapekto sa buhay at kalagayan ng kabataang tulad mo. Ilahad mo rin ang iyong mungkahing solusyon para sa suliraning panlipunang ito.<br><br>Ang guro ang magpapagawa ng Blog sa binasang akda sa bahagi ng pagsusuring tekstong biswal. Tiyakin ang nilalaman ay limitado sa patnubay na pagbuo:<br><br>5- taglay ang kaayusan sa haba ng 3 minuto<br>5- makabuluhan ang nilalahad sa kasiningan o kabuluhan</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **C.** Sagutin ang mga tanong:<br><br>1. Sa papaanong paraan maiuugnay si Cain kina Don Pedro at Don Juan?<br><br>________________________________________<br><br>________________________________________<br><br>2. Ang "Kasalanan ni Cain". Sa papaanong paraan nagkakaugnay ang sinapit ni Andres Bonifacio at ni Don Juan? Patunayan ang sagot.<br><br>________________________________________<br><br>________________________________________<br><br>3. Sa kasalukuyang kalagayan ng pulitika sa Pilipinas, sa papaanong paraan makikita pa rin ang mga kagaya nina Don Pedro at Don Diego? Ipaliwanag.<br><br>________________________________________<br><br>________________________________________ | 5-may pag-uugnay sa kahalagahan sa kasalukuyan<br>5- may mungkahi sa pagsusuri<br><br>Sikaping maipost sa Messenger grupo ng seksyon<br><br>Mga Don Pedro at Don Diego sa Kasalukuyan<br><br>May mga lugar sa Pilipinas na mismong ang mga magkakapatid ang magkakalaban sa eleksyon. Ipasaliksik sa mga bata kung sino-sino ang mga pulitikong ito at talakayin ang implikasyon nito sa ating lipunan.<br><br>Talakayin din ang nagging kamatayan ni Andres Bonifacio mula sa kamay ng mga Pilipinong itinuring niyang mga kapatid. |
| **1. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Nilay-Hinay:** Basahing mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br><br>*Ang tunay na lingkod ay matapat at may pagtitiwala sa sarili.*<br>*Ang taong naglilingkod sa Panginoong Diyos ay naglilingkod sa kapwa.*<br>*Ang naglilingkod sa kapwa sumusunod s autos ng Diyos.* | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

<table>
<tr>
<td>A. Pagtataya</td>
<td>
Pagsusulit.<br>
A. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng bawat saknong.
<table>
<tr><th>SAKNONG</th><th>PALIWANAG sa Nilalaman ng Akda</th></tr>
<tr><td>“O Ina naming nasa langit<br>liwanagin yaring isip<br>nang sa layo’y di-malihis.”</td><td rowspan="2"></td></tr>
<tr><td>Alam niyang itong tao<br>kahit puno at maginoo<br>kapag hungkag itong ulo<br>batong agnas sa palasyo.</td></tr>
<tr><td>“Ngayon po’y tatlong taon na<br>hindi nagbabalik sila<br>labis pong alaalang<br>sakit po ninyo ay lumubha!”</td><td rowspan="2"></td></tr>
<tr><td>“Ugali ko pagkabata<br>na maglimos sa kawawa,<br>ang naipagkawanggawa<br>bawiin pa’y di magawa.”</td></tr>
<tr><td>Matapos ang pitong kanta<br>magbabawas ang adarna<br>ilagang mapatakan ka<br>nang hindi madisgrasya.</td><td rowspan="2"></td></tr>
<tr><td>Sa Diyos dapat manawagan<br>Ang lahat ng nilalang<br>Ang sa mundo ay pumanaw<br>Tadhana ng kapalaran.”</td></tr>
</table>
2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>
a. Gumawa ng tseklist na nagagawa sa araw araw upang maging responsableng
</td>
<td>Ang guro ay titiyakin na ang nilalaman ng binasa ay angkop sa paliwanag sa bawat saknong.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">mag-aaral.<br>**b**. Basahin ang saknong 216-442.<br>-Ano anong pakikipagsapalaran ang pinagdaanan ng tatlong prinsipe?<br>**c**. Panoorin ang yugto ng mga pangyayari. Noypi.com.ph. (2023, July 28). *Ibong Adarna Buod ng Bawat Kabanata 1-46 with Talasalitaan.* https://noypi.com.ph/ibong-adarna-buod/#Kabanata-13</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">**B. Pagbuo ng Anotasyon**</td><td>**Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.**</td><td>**Epektibong Pamamaraan**</td><td>**Problemang Naranasan at Iba pang Usapin**</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>***Estratehiya***</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>***Kagamitan***</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>***Pakikilahok ng mga Mag-aaral***</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>***At iba pa***</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>**C. Pagninilay**</td><td colspan="3">*Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*</td><td></td></tr>
</table>